

Best Angle

Gov Gen, pinurnada ang Lupon sa DOPAM Elimination Round

1st (first)
 9-9.2nd

BAGANGA, Davao Oriental - Pinusyaw ng Governor Benigno North ang malamyang opensiba ng Lupon Green Warriors matapos binalandra ang Full-court defense at malinis na sinuyod ang 89-59 pamimihasa sapat upang maiwasang maligwak sa 2024 Davao Oriental Provincial Athletic Meet Basketball - SVS na idinaos sa Baganga Municipal Gym, ngayong araw.

Pinipatsa ng Gov Gen ang pagbuslo ng Lupon matapos manduhan ang kontrapelo upang mabaon sa 30 turnovers dahil sa tuluyang pagpursig-e ng kumbinsidong panalo at sa pagsandal sa 16 puntos ni Tahadlangit.

"Nasulod ang among shot, unya isog mi ug depensa maong ni hira ilang scoring," bulalas ni Tahadlangit na pinangunahan ang play ng teammate.

Agad na ibinida ng North ang kanilang depensa matapos ilantad sa 8 turnovers ang Green Warriors at sinikwat ang 39-28 buntade sa pagtatapos ng 1st half.

Nagpatuloy sa pamimihasa ang Gov Gen sa pamumano ni Tahadlangit na pumuslit ng 10 puntos upang malatag ang 47-30 kalamangan sa pagmulat ng 3rd Quarter.

Gayunpaman, hindi nagpatinag ang lupon at sinubukang alpasan ang kalamangan ng katunggali sa pagpuslit ng reverse lay-up ni Quiñonez upang subukang buhayin ang pag-asn ng leoponan. 32-47.

Sinubukan pang umalpas ng lupon hanggang matapos ang pangatlong frame ngunit hindi nagpawar ang Gov Gen at tirorale ang 44-65 sa talaan.

Pumuslit ng 4-0 run sa talaan ang Gov Gen sa pabungad ng huling frame sa bisa ng basket nila Salang at Lonzaga.

Mula rito, tuluyan ng sinupil ng Gov Gen ang Lupon at iniwasang madiskaril sa nasabing kompetisyon.

• "Ngano napildi mi? Napildi mi kay wa mi magkasinabot pero okay lang sa atoa" Aminadong sinambit ni Quiñones sa patungkol sa kanilang pagkatalo.

Kumamada naman ng 12 puntos si Quiñones para sa kanyang team sa kabilang pagkatalo nila.

Tangan ang panalo, patuloy pa rin sa pag-eensayo ang Gov Ben para sa susunod pang mga laban.

fix your handwriting, please.



Unique
Reference
Code:

07

Event & Medium:

Sports Writing

Level (Elem/Sec):

Secondary - Filipino

Gov. Gen, pinusyaw ang dilaab ng Lupon
sa Provincial Meet basketball secondary

Umariba mula sa maagang pang-aabuso ang Governor Generoso kontra Lupon ~~Green Warriors~~ matapos ~~gulantangin~~ ng kalkyuladong depensa ang kalaban dahilang upang pangunahan ang talaan kipkip ang 20-18, 39-28, 65-44, 69-59, susi upang ibaon ibaon ang panalo sa Provincial Meet Basketball Secondary 2026 na ginanap sa Baganga Municipal Gym ngayong araw.

Pinundi ng Governor Generoso ang bangis ng Lupon Green Warriors ng banikadahan nito ng mala-pader na pagsalag at taktikadong galaw matapos pangunahan ni Tahadlangit ang pag-akay ng sunod-sunod na puntos sapat upang pamahayan ang talahanayan ng sagupaan.

"Best among depensa kay ang points mo sulod gayud" bulalas ng most valuable player na si Tahadlangit.

Nauna rito, una ng nakipagtagisan sa parehong larangan ang intayog ng Governor Generoso sa Municipal Meet 2026 dahilang sa pag-abante tungong Davao Oriental Provincial Athletic Meet 2026.

Ginimbal ng hanay ng Gov. Gen ang matibay na hulma ng kontrapelo sa unang kwarter ng laban at udyukan ang matibay na pagratsada dahilang upang ibagane ang matamis na simula.

Kasunod nito, patuloy ang pag-abante ng Gov. Gen matapos maglatag ng 3 puntos si Tahadlangit sa huling labingwalang segundo kung saan di na nakapag sumite ng puntos ang kontrapelo sa 38-24 pamimihasa.

Dahil dito, pumaimbulog sa engkwentro ang Gov. Gen matapos tuloy-tuloy na pinagutan ang paghahasik ng bangis at tuluyang tinuldukan ang ikalawang tugto.

Tila nag-iba ang ihip ng hangin matapos humantong sa pamimisikal ang mga manlalaro na humatag sa ilang kasunod sa tawag ng referee, subalit nagpamalas ng kalkyuladong pagsalag ang nangungunang hanay ng maglalaksak ito ng bente-unong puntos na kalamangan sapat upang makopo ang ikatlong quarter.

Sa kabilang dako, tila naging tinik sa lalamunan ng Green Warriors ang Gov. Gen matapos seladong gwardiyan ang mga ito.

Nagpakita ng matikas na pagdepensa ang Lupon subalit hindi naging sapat upang utukan ang katunggaling koponan.

1. Mula dito, sumagaksak tungong panalo ang intayog ng Governor Generoso tangan ang dangal ng munisipyo.

"Wala mi nagkasinabot sa court, iyanay mig dala ug bola, atleast we did our best" ayon kay Quinoñes mula sa Lupon Green Warriors.

Sa huli, bitbit ng Governor Generoso ang halimuyak ng kasiyahan para sa munisipyong pinanggalingan.

#.

3rd (third)
 G.D. 2026

Gov. Gen, ipinagkait ang karangalan sa Lupon Warriors;
 sumungab ng panalo sa DOPAM 2026

BAGANGA, Davao Oriental — Dinikdik ng nangibabaw na Gov. Gen ang isang porsyento ng pagkakataong makamit ang luklukan ng tagumpay ng Lupon Warriors matapos ang walang prehong pag-aararo ng mga puntos na nagtalaga ng kalamangan na 89-59 sa Men's Basketball DOPAM 2026 nitong Setyembre 11, 2026.

Nagsilbing abono si Tahadlangit matapos ang tuloy-tuloy nitong layups at pulidong 3-point na nagpahiyaw sa mga spectators sa pagpapakitang gilad nito sa unang period pa lamang.

"Nagkuan mi ug hustle nga depensa para madali mi makapuntos," saad ng MVP ng Gov. Gen.

Bumuslo ng makapigil-hiningang rebounds at kongkretong pagpunto dugtong sa kanilang passing coordination.

Sagad na bumayo ng mga sumasalaksak na mga numero sa scoreboard ang nangunang angkan ng Gov. Gen na naging maagang tansa para makamit ang dominant win sa laro.

Hindi nagpatinag sa opensa ng kalaban ang grupo ng nanaig nang humango ng steals at solidong pag-iskor sa rim ng koponan.

Sa kabilang panig ng dumausdos na puwersa, maingat na kumarga ng swaklong atake at swabeng pangungutya ang dalubhasa sa angkan ng Lupon na si Hipulan.

Ngunit, tila sumalungat ang ekspektasyon ng mga warriors nang hindi tumalab ang defensive attempts dahil sa umaapoy na momentum ng katunggali.

"Napildi man mi importante safety mi sa dula," ani ng Lupon MVP.

Kasalukuyan namang nag-ensayo ang kampeon upang mas lalo pang tumalim ang opensa ng mga players para sa mga darating pa na mga labanan.



4th (fourth)
 G.G. Sindi

NAG-AMOK SA COURT

Governor Generoso rumagasa Kontra Lupon;
 nasilo ang panalo sa Basketball Boys

Bumira ng pangmalakasang bikada ang Governor Generoso North upang iwanan sa ere ang Lupon Green Warriors sa kaawa-awang iskor na 89-59, sa naganap na Davao Oriental Provincial Athletic Meet 2026 ng Basketball Boys^{5x5} na idinaos sa Baganga Municipal Gymnasium, ngayon.

Nagpalasap ng mga naglalagablab na rebound at hagupit na depensa ang Governor Generoso sa pangunguna ni Tahadlangit kayat hirap makabangon sa pagkakabaon ang basketbolista ng Lupon at tuluyang sinikwat ang panalo.

"The best defense is ang pag-spectate gyud para makabalo ka kung asa ka mo-depensa," ani Jersey 25, Tahadlangit.

Sa pagsisindi ng umaatikabong bakbakan, humakot kaagad si Tahadlangit ng sandamakmak na rebounds na naging dahilan kung bakit lamang sila ng dalawang puntos sa first quarter, 20-18.

Dagdag pa rito, kumaskas kaagad ng mainit na pangunguna ang Governor Generoso sa final quarter sa tulong ni Rocha nang magsalpak siya ng three-pointers basket.

Sinubukang bumangon ng Lupon sa kanilang pagkalugmok gamit ang kanilang agresibong pagpasa ng bola, ngunit muling nagpaulan ng mga sandamakmak na steal ang Governor Generoso.

Datapwat tuloy-tuloy na naghasik ng bangis ang kampeon, tinapatan pa rin ito ng mala-pader na depensa ng Lupon, subalit tila tinik sa lalamunan ang kamandag ng Governor Generoso, kayat 'di na sila naka-bwelta pa hanggang sa huling yugto ng labanan.

"Bisan pag napildi mi, happy gihapon kay safety man mi tapos wala sad diay mi ato nagkasinabot sa floor mao sigurong pildi," sambit ni Hipulan.

"We will keep practicing and motivating the players and mangayo sad mig tabang sa labawng makagagahum," ani coach Albaracin.

Gov. Gen, diniskaril ang Lupon sa
 Basketball Men's Provincial Meet, sinilo

5m (fifth)
 9g-9th

Pinundi ng Governor Generoso ang dilaab ng Lupon
 matapos kumawala ng contested shot sa huling mga
segundo at inilayag ang full court defense ng maibuslo
 ang 41-28, 65-42, 89-59 kartada at maitakas ang
 tagumpay sa Davao Oriental Provincial Athletic Meet
 na iginanap sa Baganga Municipal Gym, ngayon.

Bumulusok ang atake ng tubong Gov. Gen matapos
 sumaklolo si Salang gamit ang kanyang matitikas
 na taktika at inokopa ang advantage sa bawat turn over
 na sinalansan ng Green Warriors sapat upang maibagahe
 ang panalo.

"Na sulod ang among shot nya isag mig depensa moong
 nasulod among mga puntos," bulaslas ng Jersey number
 10 Salang.

Winasiwas ng pambato ng Gov. Gen ang matumal na
 pagsalag ng Lupon fighters nang umariba ang kanilang
 mahigpit na depensa at iuwi ang kumbinsidong tagumpay.

Pinasindakan ng agresibong atake ng Governor Generoso
 ang Lupon matapos sumilat puntos gamit ang pag alagwa
 ng suod-suod na jump shot ni Hernandez na ibinaliklit
 ni Salang sa unang round.

Gayunpaman inunsiyami ng Generoso ang pundasyon
 ng kontrapelo at pinaturayan gamit ang pagharurot
 ng mainit na defense.

Sa kabila ng physical attack ng Lupon hindi nagpa-
 awat ang Gov. Gen bisa ng teamwork at pagkaka-
 intindihan at tuluyang inuwi ang panalong alay.

Bumira ng plakadong suod-suod na shot ang Lupon
 at sirubukang pinainit ang laban habang pilit umeskapo
 sa mga huling segundo ng bakbakan.

Sa puntong ito, malakas ang naging simula ng Gov. Gen
at pinatibay ang pagsalag sa katuraggali hanggang sa mga
nuling minuto ng bakbakan.

"Ngano rapid mi kag wami magka ginabot pero okay
lang kay we did our best man!" ani ng 16 taong gulang
- Quinones

Taglay ang tagumpay, patulay ang pag-eensayo ng
Gov. Gen para sa kanilang sumusunod na laban at
muling ibagahen ang paralo.

